ISSN: 2799 - 1091
Page No. 11-20

# Analysis of News and Feature Articles Using Corder Error Analysis in the Development of a Systematic Lesson, Guide, and Instruction in Journalism (SAGIP)

**Mary Joy A. Donasco[1], Gracelyn C. Altaya[2]**

[1]Department of Education, Tboli National High School – Tboli,South Cotabato, Philippines
Email: joydonasco895@gmail.com
[2]Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines
Email: gracelynaltaya@sksu.edu.ph

**Abstract**

*The school newspaper serves as the voice of the students, but the clarity of the message may be affected by different writing errors. Using quantitative content analysis and developmental methods, the news and feature writings of 65 students from the Special Program in Journalism of T'boli National High School were analyzed. This study aims to assess the skills of student journalists in writing news and feature articles for school publication and to identify areas of their writing that needs improvement. The analysis showed a higher level of errors in news writing, particularly in syntactical and orthographical aspects. While the students demonstrated adequate skills in organization and content, improvement is still needed in vocabulary, writing style, and language use to enhance the quality of their writing. In writing features, students showed moderate ability in selecting the right words and organization but lacked in idea expression, adherence to proper style, and correct language use. It was found that students were better at writing news than feature articles. The study recommends the use of Systematic Lessons, Guides, and Instruction in Journalism (SAGIP), as supplementary instructional material that can be suitable for training for the campus journalists, though some aspects can still be improved to make it more effective in strengthening writing skills.*

Keywords: *school newspaper, student journalists, news writing, feature writing, content analysis, writing skills, syntactical errors, orthographical errors, writing style, Special Program in Journalism, Systematic Lessons in Journalism (SAGIP)*

## PANIMULA

Ang isang pahayagan ng paaralan bilang salamin ng tinig ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng kanilang pananaw, pangarap, at mga saloobin. Ngunit kapag ang salamin na ito ay nalalabo ng mga pagkakamali sa pagsulat, na nagiging dahilan ng hindi malinaw na mensahe.

Sa pandaigdigang konteksto, ang pamamahayag ay humaharap sa mga isyung kaugnay ng wika, pagkiling, at *sensationalism*, na nagdudulot ng maling interpretasyon ng impormasyon at pagkalat ng maling balita (Shoemaker & Reese, 2014). Sa ASEAN, bagamat may pagkakaiba sa wika at kultura, nagkakaisa ang mga bansa sa pagpapalakas ng edukasyon at pamamahayag.

Sa Pilipinas, ang pahayagang pangkampus ay isang mahalagang bahagi ng sistema ng edukasyon. Ayon sa *Republic Act* No. 7079 o ang *Campus Journalism Act* of 1991, pinalalakas ang karapatan ng mga estudyante na maglathala ng kanilang mga opinyon at ideya sa pamamagitan

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 11-20

ng pahayagang pangkampus, na kinikilala bilang isang mahalagang bahagi ng kanilang edukasyon at karapatan sa malayang pagpapahayag.

Sa mga paaralan sa Tboli, partikular sa mga pahayagang pangkampus, ang mga estudyanteng mamamahayag ay nagsisimula pa lamang sa kanilang karera sa pagsusulat. Ang kakulangan sa karanasan at kaalaman ay nagiging sanhi ng madalas na pagkakamali sa balita at lathalain (Santos, 2020). Ayon sa mga pag-aaral, patuloy na lumalawak ang pagkabahala sa mga karaniwang pagkakamali ng estudyanteng mamamahayag sa mga pahayagang pangkampus, tulad ng *factual inaccuracies*, gramatikal na pagkakamali, at bias sa pagsusulat, na bumababa sa kalidad at kredibilidad ng mga publikasyon (Smith, 2020). Ang kakulangan ng mga programang pagsasanay at akmang mapagkukunan ay pangunahing hamon, na madalas hindi natutugunan ang pangangailangan ng mga baguhang manunulat (Brown & Wilson, 2019).

Bagama't may mga pananaliksik sa pangkalahatang isyu sa akademikong pagsusulat, kakaunti ang nakatuon sa natatanging hamon ng estudyanteng mamamahayag at sa kakulangan ng angkop na gabay na naaayon sa kanilang pangangailangan (Brown & Wilson, 2019; Garcia & Cruz, 2022.

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong maging gabay sa paglikha ng isang 4 A's modyul sa pagsusulat ng balita at lathalain sa pamamahayag na maging gabay ng mga mag-aaral na mamamahayag sa pamamagitan ng pagdetermina at pagsuri sa karaniwang pagkakamali sa pagsusulat ng balita at lathalain sa mga pahayagang pangkampus.

Tinugunan ng pag-aaral ang mga sumusunod na katanungan sa pananaliksik:

1. Ano ang mga karaniwang pagkakamali sa pagsusulat ng balita ng mga mamamahayag pangkampus ayon sa:
   1.1 kamaliang ortograpikal (baybay at bantas);
   1.2 morpolohikal;
   1. 3 sintaktikal: at
   1.4 lexico- semantic?
2. Ano ang mga karaniwang pagkakamali sa pagsusulat ng lathalain ng mga mamamahayag pangkampus ayon sa:
   2.1 kamaliang Ortograpikal; (baybay, bantas)
   2.2 morpolohikal
   2. 3 sintaktikal; at
   2.4 lexico- semantic?
3. Ano ang antas ng kasanayan sa pagsusulat ng balita ng mga mamamahayag pangkampus ayon sa:
   3.1 nilalaman;
   3.2 organisasyon;
   3.3 bukabolaryo;
   3.4 paggamit ng wika; at
   3.5 pamaraan ng pagsulat?
4. Ano ang antas ng kasanayan sa pagsusulat ng lathalain ng mga mamamahayag pangkampus ayon sa:
   4.1 nilalaman;
   4.2 organisasyon;
   4.3 bukabolaryo;
   4.4 paggamit ng wika; at

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 11-20

4.5 pamaraan ng pagsulat?

5. May makabuluhang kaibahan ba ang antas ng kasanayan ng mga mamamahayag pangkampus sa pagsulat ng balita at lathalain?

6. Ano ang antas ng balidititi ng modyul sa pagsulat ng pamahayagang pangkampus ayon sa:
   6.1 layunin;
   6.2 nilalaman;
   6.3 pormat; at
   6.4 pagsasanay?

7. Ano ang antas ng pagtanggap sa modyul sa pagsulat ng pamahayagang pangkampus ayon sa:
   7.1 layunin;
   7.2 nilalaman;
   7.3 pormat; at
   7.4 pagsasanay?

## METODOLOHIYA

2.1. Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *quantitative content analysis* at debelopmental na metodo. Hindi nito layuning tukuyin ang ugnayang sanhi at epekto, kundi nakatuon ito sa pagsagot sa tanong na ano ang nangyayari sa loob ng isang partikular na konteksto (Loeb et al., 2017).

Sa konteksto ng pag-aaral na ito, ang deskriptibong metodo ay lubos na angkop. Ang lapit na ito ay nagbigay-daan sa sistematikong pagsusuri ng mga karaniwang pagkakamali ng mga estudyanteng mamamahayag sa pagsusulat ng balita at lathalain. Sa pamamagitan ng metodong ito, mabisang nailarawan ng pag-aaral ang dalas, uri, at kalikasan ng mga pagkakamaling ito, na nagbigay ng malinaw na larawan ng antas ng kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral.

Bukod dito, ang pag-aaral ay kinabibilangan ng pagsusuri ng mga partikular na awtput sa pagsusulat (balita at lathalain) gamit ang Corder's Error Analysis, maaaring kwantipikahin ng deskriptibong metodo ang dalas ng mga pagkakamali sa gramatika, istruktura, at nilalaman, na nagbigay ng estadistikang datos na nagsilbing pundasyon sa pagbuo ng gabay na modyul sa pamamahayag. Ang metodong ito ay tumugma sa layunin ng pag-aaral na makabuo ng mga praktikal na kaalaman na makapagbibigay tulong sa pagpapabuti ng kagalingan sa pagsusulat ng mga mamamahayag pangkampus at makagagabay sa mga tagapayo sa mas epektibong pagtuturo.

2.2. Respondente ng Pananaliksik

Ang pangunahing pinagmumulan ng datos ay ang mga artikulong isinulat ng animnaput lima (65) na mga mamamahayag pangkampus na kabilang sa *Special Program in Journalism* na mag-aaral. Ito ay maaaring mga balita at lathalain.

Ang pagpili ng mga mamamahayag pangkampus bilang mga respondente ay ginabayan ng tiyak na mga *inclusion* at *exclusion criteria* upang matiyak na ito ay magiging kinatawan at angkop na sample. Ang mga estudyante lamang na handang lumahok sa pahayagang pangkampus ng paaralan, tulad ng mga manunulat ang naging respondente ng pag-aaral. Dagdag pa rito, kasama ang mga estudyanteng opisyal na naka-enroll sa Tboli National High School sa ilalim ng *Special Program in Journalism.*

2.3. Instrumento ng Pananaliksik

Ang pangunahing instrumento sa pag-aaral na ito ay ang mga balita at lathalain na isinulat ng mga mamamahayag pangkampus. Ginamit ang *Corder's Error Analysis* method, na partikular na idinisenyo upang tukuyin at ikategorya ang mga pagkakamali sa pagsusulat. *Ang Corder's*

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 11-20

*Error Analysis* ay isang kasangkapang linggwistika na ginamit upang suriin at uriin ang mga pagkakamaling nagawa ng mga mag-aaral, na nakatuon sa mga aspetong tulad ng mga pagkakamali sa ortograpikal, sintaktikal, at morpolohikal.

Isang rubrik batay sa mga kategorya ng *Corder's Error Analysis*. Ang instrumentong ito ay ginamit upang itala ang mga pagkakamaling nakita sa mga artikulo. Ang rubrik ay magbibigay-daan sa tuloy-tuloy at pare-parehong dokumentasyon ng mga pagkakamali sa iba't ibang artikulo, na tinitiyak na ang pagsusuri ay sistematiko at obhetibo.

Sa pagtukoy ng antas ng kasanayan sa pagsusulat ng balita at lathalain, gumamit ang mananaliksik ng isang rubrik na halaw *ESL Composition Profile* ni Jacob (1981). Ang mga rubriks para sa akseptabiliti ng modyul ay dumaan sa masusing balidasyon ng anim (6) bihasa sa pagtuturo ng pahayagang pangkampus.

## RESULTA

**Talahanayan 1. Mga Karaniwang Kamalian sa Pagsusulat ng Balita**

| Indikeytor | Dalas | Bahagdan |
|---|---|---|
| Sintaktikal | 165 | 36% |
| Ortograpikal | 127 | 27% |
| Morpolohikal | 127 | 27% |
| Lexico-Semantik | 44 | 10% |

Batay sa Talahanayan 1 ng mga karaniwang kamalian sa pagsulat ng balita, lumitaw na ang sintaktikal na pagkakamali ay pinakamataas na bahagdan (36%). Sa kabilang banda, ang leksiko-semantik na pagkakamali ay pinakamababa na bahagdan (10%).

Nagpapahiwatig ito ng malawakang suliranin sa istruktura ng pangungusap. Kabilang dito ang maling pagkakasunod-sunod ng mga salita, hindi wastong paggamit ng pangatnig, at kawalan ng lohikal na pagkakaugnay-ugnay ng mga bahagi ng pangungusap. Nangangahulugan din ito na bihira ang maling paggamit ng salita o kahulugan sa pagsusulat ng balita. Ipinapakita nito na may sapat na kakayahan ang mga mag-aaral sa pagpili ng tamang salita at pagpapahayag ng kahulugan.

Nauugnay ang kinalabasan ng pag-aaral na ito sa pananaliksik ni Smith (2018), na nagpakita na ang mga pangunahing isyu sa pagsusulat ay kinabibilangan ng hindi wastong ugnayan ng paksa at pandiwa, maling paggamit ng bantas, at maling paggamit ng mga *homophone,* na maaaring magdulot ng hindi pagkakaunawaan sa nilalayon na mensahe.

**Talahanayan 2. Mga Karaniwang Kamalian sa Pagsusulat ng Lathalain**

| Indikeytor | Dalas | Bahagdan |
|---|---|---|
| Ortograpikal | 250 | 59% |
| Lexico- semantic | 101 | 24% |
| Morpolohikal | 51 | 12% |
| Sintaktikal | 19 | 5% |

Inilahad sa Talahanayan 2 ang ortograpikal na kamalian ang nakakuha ng pinakamataas na bahagdan (59%). Sa kabilang banda, ang sintaktikal na kamalian ang nakakuha ng pinakamababang bahagdan (5%).

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 11-20

Ito ay nagpapahiwatig na ang maling ispeling, paggamit ng bantas ay ang karaniwang kamalian ng mga mamamahayag pang kampus sa pagsusulat ng lathalain. Gayundin, ito ay nagpapahiwatig na bihira ang pagkakamali sa estruktura ng pangungusap sa pagsusulat ng lathalain.

Ang resulta ay naayon kay Villanueva (2018) na nagsabi na madalas na nakararanas ng problema ng mga batang manunulat sa tamang paggamit ng mga pangungusap, lalo na sa pagkakasunod-sunod ng mga ideya. Ipinapakita sa mga artikulo niya sa lathalain na hindi malinaw ang pagkakabuo ng mga talata, na nagreresulta sa kalituhan ng mga mambabasa.

**Talahayanayan 3. Antas Ng Kasanayan sa Pagsusulat ng Balita ng mga Mamamahayag Pangkampus**

| | | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Organisasyon | 83.00 | 14.65 | Kasiya-siya |
| 2 | Bokabularyo | 80.46 | 12.24 | Kasiya-siya |
| 3 | Sanilalaman | 76.97 | 13.59 | Bahagyang kasiya-siya |
| 4 | Paraan ng pagsulat | 73.54 | 11.78 | Hindi naabot ang inaasahan |
| 5 | Paggamit ng wika | 69.17 | 11.48 | Hindi naabot ang inaasahan |
| | **Kabuoan** | **76.63** | **12.75** | **Bahagyang kasiya-siya** |

Makikita sa Talahanayan 3 ang antas ng kasanayan sa pagsusulat ng balita ng mga mamamahayag pangkampus, lumitaw na ang organisasyon (M = 83.00, SD = 14.65) ang pinakamataas na mean at may berbal deskripsyon na kasiya-siya. Samantala ang paggamit ng wika ay nakakuha ng pinakamambaba na mean (M = 69.17, SD = 11.48) na may berbal na deskripsyon na hindi naabot ang inaasahan. Sa pangkalahatan, ang mean score ay **76.63** (SD = 12.75) at ay may berbal na deskripsiyon na bahagyang kasiya-siya.

Ito ay nangangahulugang may sapat na kakayahan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng maayos na balangkas at paggamit ng angkop na salita sa kanilang sulatin. Samantala, may malalaking kakulangan sa teknikal na aspeto ng pagsulat, tulad ng gramatika, istruktura, at kawastuhan ng pagpapahayag. Sa kabuoan, nagpapakita ito ng pangangailangan para sa masusing pagsasanay at patuloy na paglinang sa kasanayan sa pagsusulat ng balita upang mapataas ang antas ng kahusayan ng mga mamamahayag pangkampus.

Ito ay magkaugnay sa natuklasan ni Deramas (2022) na natukoy na ang mga mag-aaral ay may sapat na kaalaman sa paggamit ng tamang bantas sa pagsulat ng balita, subalit kinakailangan pa ng masusing pagtuturo at pagsasanay upang higit pang mapahusay ang kanilang kasanayan sa larangan ng pamamahayag.

**Talahanayan 4. Antas ng Kasanayan sa Pagsusulat ng Lathalain ng mga Mamamahayag Pangkampus**

| Indikeytor | | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Nilalaman | 78.15 | 12.64 | Bahagyang kasiya-siya |
| 2 | Organisasyon | 78.00 | 14.03 | Bahagyang kasiya-siya |
| 3 | Bokabularyo | 73.49 | 14.46 | Hindi naabot ang inaasahan |
| 4 | Paraan ng Pagsulat | 69.54 | 12.80 | Hindi naabot ang inaasahan |
| 5 | Paggamit ng Wika | 67.82 | 13.22 | Hindi naabot ang inaasahan |
| | **Kabuoan** | **73.40** | **13.43** | **Hindi naabot ang inaasahan** |

Matutunghayan sa Talahanayan 4 ang nilalaman ay may *mean score* na 78.15 (SD = 12.64) at may berbal na deskripsyon na bahagyang kasiya- siya, na siyang pinakamataas sa lahat ng aspekto ng pagsusulat ng lathalain. Samantala, ang paggamit ng wika ay may *mean score* na 67.82

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 11-20

(SD = 13.22) na may berbal na deskripsyon na hindi naabot ang inaasahan na siyang pinakamababa. Sa pangkalahatan, ang *mean score* na 73.40 (SD = 13.43) ay may berbal na deskripsyon na hindi naabot ang inaasahan, na nagpapakita ng pangangailangan para sa higit pang pagsasanay sa pagsusulat ng lathalain.

Ipinapahiwatig ng mga resultang ito na bagama't may kakayahan ang mga mag-aaral sa pagtalakay ng paksa, nahihirapan pa rin sila sa teknikal na aspeto ng pagsulat, partikular sa wastong paggamit ng wika, gramatika, at estruktura ng pangungusap. Ang mababang marka sa paggamit ng wika ay nangangahulugan na kinakailangan ng masusing pagsasanay sa tamang gramatika at estilo ng pagsusulat upang mapabuti ang kalidad ng kanilang lathalain. Sa kabuuan, ang datos ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas pinahusay na pagtuturo at pagsasanay upang matugunan ang pamantayan ng mahusay at epektibong pagsusulat.

Ito ay naayon sa natuklasan ni Delos Reyes (2025) na nagtatampok ng kahalagahan ng pagpapaunlad ng kagalingan sa pagsusulat sa mga mag-aaral.

**Talahanayan 5. Makabuluhang Kaibahan ng Antas ng Kasanayan ng mga Mamamahayag Pangkampus Sa Pagsulat ng Balita at Lathalain**

| | Pagsulat ng Balita | Pagsulat ng Lathalain | Z | P- value |
|---|---|---|---|---|
| Mean | 76.62871795 | 73.39897436 | 1.742101357 | 0.08149071 |
| Known Variance | 112.11 | 111.3 | | |
| Observations | 65 | 65 | | |
| Hypothesized Mean Difference | 0 | | | |

*at 0.05 na level of significance*

Batay sa isinagawang pagsusuri gamit *ang z-test* upang ihambing ang antas ng kasanayan sa pagsusulat ng balita at pagsusulat ng lathalain ng mga mamamahayag pangkampus, lumitaw na ang mean score sa pagsusulat ng balita (M = 76.63) ay mas mataas kaysa sa *mean score* sa pagsusulat ng lathalain (M = 73.40). Sa isang two-*tailed test,* ang nakuha na *p-value* ay 0.081, na mas mataas kaysa sa 0.05 na antas ng kahalagahan (alpha level), na nangangahulugang hindi sapat na ebidensya upang tanggihan ang *null hypothesis* at ipagpalagay na may makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan ng mga mamamahayag pangkampus sa dalawang anyo ng pagsulat.

Sa konteksto ng *two-tailed test,* ipinagpakahulugan na ang mga mamamahayag pangkampus ay may parehong kahusayan sa pagsusulat ng balita at pagsusulat ng lathalain. Ito ay nagpapahiwatig ng masusing pagpapahusay sa parehong kasanayan upang higit na mapataas ang kalidad ng kanilang pagsulat.

Ito ay naayon sa pag-aaral ni Santos (2022) kung saan napag-alaman na ang mga mag-aaral ay hinuhusgahan ang kagalingan matapos ang ilang buwang pagsasanay sa iba't ibang anyo ng pagsulat, kabilang ang balita at lathalain. Sa isa pang pag-aaral, tinalakay ang mga modyul na naglalarawan ng iba't ibang aspeto ng pamamahayag.

**Talahanayan 6. Antas ng Balidity ng Sistematikong Aralin, Gabay, at Instruksyon sa Pamamahayag (SAGIP)**

| Indikeytor | | Mean | SD | Berbal na Deskripsyon |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Layunin | 4.83 | 0.00 | Napakabalido |
| 2 | Presentasyon at organisasyon | 4.83 | 0.17 | Napakabalido |
| 3 | Nilalaman | 4.78 | 0.19 | Napakabalido |
| 4 | Pagsasanay | 4.72 | 0.10 | Napakabalido |
| 5 | Pagkakabuo | 4.61 | 0.19 | Napakabalido |
| **Kabuoan** | | **4.76** | **0.13** | **Napakabalido** |

Batay sa datos ng baliditi ng Sistematikong Aralin, Gabay, at Instruksyon sa Pamamahayag (SAGIP), ang pinakamataas na *mean score* ay nasa mga indikador ng Layunin (M = 4.83, SD = 0.00) at Presentasyon at Organisasyon (M = 4.83, SD = 0.17), na parehong may berbal na deskripsiyon na Napakabalido. Samantala, ang Pagkakabuo ay may pinakamababang mean score na 4.61 (SD = 0.19), bagama't nananatili pa rin sa kategoryang Napakabalido. Sa pangkalahatan, ang mean score ng SAGIP ay 4.76 (SD = 0.13), na nagpapatunay sa mataas na antas ng bisa at pagiging angkop nito bilang gabay sa pagsulat ng pamahayagang pangkampus.

Ipinapakita ng mga resultang ito na ang SAGIP ay epektibong tumutugon sa mga pangangailangan ng mga gumagamit, partikular sa malinaw nitong layunin at mahusay na organisasyon ng mga nilalaman. Ang maayos nitong presentasyon ay nakakatulong upang madaling maunawaan at magamit ng mga mag-aaral at guro sa larangan ng pamamahayag.

**Talahanayan 7. Antas Ng Pagtanggap ng mga Guro Sa Sistematikong Aralin, Gabay at Instruksiyon sa Pamamahayag ( SAGIP)**

| Indikeytor | | Guro | | Deskripsyon |
|---|---|---|---|---|
| | | Mean | SD | |
| 1 | Pagsasanay | 3.82 | 0.17 | Katanggap-tanggap |
| 2 | Pagkakabuo | 3.82 | 0.17 | Katanggap-tanggap |
| 3 | Nilalaman | 3.69 | 0.14 | Katanggap-tanggap |
| 4 | Presentasyon | 3.67 | 0.18 | Katanggap-tanggap |
| 5 | Layunin | 3.62 | 0.08 | Katanggap-tanggap |
| **Kabuoan** | | **3.72** | **0.15** | **Katanggap-tanggap** |

Ang pinakamataas na mean score ay naitala sa Pagsasanay at Pagkakabuo (M = 3.82, SD = 0.17), na parehong may berbal na deskripsiyon na *Katanggap-tanggap*. Samantala, ang pinakamababang mean score ay makikita sa Layunin (M = 3.62, SD = 0.08), bagama't nananatili pa rin sa kategoryang *Katanggap-tanggap*. Sa pangkalahatan, ang mean score para sa Antas ng Pagtanggap ng mga Guro sa Sistematikong Aralin, Gabay, at Instruksyon sa Pamamahayag (SAGIP) ay M = 3.72 (SD = 0.15), na may parehong deskripsyon na *Katanggap-tanggap*.

Nagpapakita na ang SAGIP ay isang maayos at kapaki-pakinabang na materyal sa pagtuturo ng pamamahayag sa pananaw ng mga guro. Gayunpaman, may puwang pa para sa pagpapahusay, lalo na sa aspekto ng pagpapaliwanag ng layunin upang mas epektibong matugunan ang pangangailangan ng mga guro sa larangang ito.

**Talahanayan 8. Antas Ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Sistematikong**

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 11-20

**Aralin, Gabay, at Instruksyon sa Pamamahayag (SAGIP)**

| Indikeytor | | Mag-aaral | | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|
| | | Mean | SD | |
| 1 | Pagkakabuo | 3.91 | 0.04 | Katanggap-tanggap |
| 2 | Pagsasanay | 3.84 | 0.17 | Katanggap-tanggap |
| 3 | Nilalaman | 3.82 | 0.08 | Katanggap-tanggap |
| 4 | Layunin | 3.69 | 0.15 | Katanggap-tanggap |
| 5 | Presentasyon | 3.64 | 0.20 | Katanggap-tanggap |
| **Kabuoan** | | **3.78** | **0.13** | **Katanggap-tanggap** |

Ang pinakamataas na mean score ay makikita sa Pagkakabuo (M = 3.91, SD = 0.04), na may verbal na deskripsyon na *Katanggap-tanggap*. Samantala, ang pinakamababang mean score ay naitala sa Presentasyon (M = 3.64, SD = 0.20), ngunit nananatili pa rin sa kategoryang *Katanggap-tanggap*. Sa pangkalahatan, ang mean score para sa Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Sistematikong Aralin, Gabay, at Instruksyon sa Pamamahayag (SAGIP) ay M = 3.78 (SD = 0.13), na may parehong verbal na deskripsyon na *Katanggap-tanggap*.

Ipinapakita ng resulta na ang Pagkakabuo ng Sistematikong Aralin, Gabay, at Instruksyon sa Pamamahayag (SAGIP) ay ang pinaka-pinahahalagahan ng mga mamamahayag pangkampus na nangangahulugang ang estruktura at organisasyon ng materyal ay malinaw at maayos para sa kanila. Samantala, ang Presentasyon ay may pinakamababang mean score, na maaaring mangahulugan na may ilang aspeto sa paraan ng paglalahad ng nilalaman na maaaring higit pang mapahusay upang mas madaling maunawaan at magamit ng mga mag-aaral.

Ang mga datos ay nagpapahiwatig na ang bahagi ng pagsasanay ay higit na pinahahalagahan ng mga gumagamit at itinuturing na epektibo sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pamamahayag.

Sinusuportahan nito sina Richards at Renandya (2020), na binigyang-diin na ang isang epektibong gabay sa pagkatuto ay dapat malinaw, organisado, at may naaangkop na nilalaman upang mapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral sa isang partikular na larangan.

Sa pagsusulat ng balita, ang sintaktikal (M = 0.45, SD = 0.75) at ortograpikal (M = 0.44, SD = 0.87) na error ang pinakalaganap, na nagpapahiwatig ng suliranin sa estruktura ng pangungusap at pagbabaybay.

Samantala, ang morpolohikal (M = 0.36, SD = 0.63) at leksiko-semantik (M = 0.19, SD = 0.51) na error ay mas madalang. Ang pangkalahatang mean percentage na 0.36 (SD = 0.72) ay nagpapahiwatig ng pangangailangang pagtuunan ng pansin ang estruktura, pagbabaybay, at pagpili ng tamang salita upang mapanatili ang kalinawan at kredibilidad ng balita.

Sa pagsusulat ng lathalain, ang ortograpikal na na pagkakamali (M = 0.53, SD = 0.77) ang pinakalaganap, na sinusundan ng leksiko-semantik (M = 0.35, SD = 0.67). Samantala, mas bihira ang morpolohikal (M = 0.15, SD = 0.43) at sintaktikal (M = 0.07, SD = 0.21) na pagkakamali. Ang kabuuang mean percentage na 0.28 (SD = 0.61) ay nagpapakita ng mas mababang antas ng pagkakamali sa pagsusulat ng lathalain kumpara sa balita.

Sa pagsusuri ng kasanayan, lumitaw na sa pagsusulat ng balita, ang organisasyon (M = 83.00, SD = 14.65) at bokabularyo (M = 80.46, SD = 12.24) ay Satisfactory, ngunit ang nilalaman

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 11-20

(M = 76.97, SD = 13.59) ay bahagyang kasiya-siya Ang paraan ng pagsulat (M = 73.54, SD = 11.78) at paggamit ng wika (M = 69.17, SD = 11.48) ay hindi nakamit ang inaasahan, na nagpapakita ng kakulangan sa teknikal na aspeto ng pagsusulat. Ang pangkalahatang mean score na 76.63 (SD = 12.75) ay bahagyang kasiya- siya, na nangangailangan ng higit pang pagsasanay.

Sa pagsusulat ng lathalain, ang bokabularyo (M = 78.15, SD = 12.64) at organisasyon (M = 78.00, SD = 14.03) ay bahagyang kasiya- siya, ngunit ang nilalaman (M = 73.49, SD = 14.46), paraan ng pagsulat (M = 69.54, SD = 12.80), at paggamit ng wika (M = 67.82, SD = 13.22) ay hindi nakamit ang inaasahan. Ang pangkalahatang mean score na 73.40 (SD = 13.43) ay nagpapahiwatig ng pangangailangan ng masusing pagsasanay upang matugunan ang pamantayan ng mahusay na pagsulat.

Batay sa z-test, ang mean score sa pagsusulat ng balita (M = 76.63) ay mas mataas kaysa sa pagsusulat ng lathalain (M = 73.40). Sa one-tailed test, ang p-value na 0.0407 ay nagpapahiwatig ng makabuluhang pagkakaiba, na nangangahulugang mas mahusay ang mga mag-aaral sa pagsusulat ng balita kaysa sa lathalain.

Sa pagtatasa ng Sistematikong Aralin, Gabay, at Instruksyon sa Pamamahayag (SAGIP), ang mean score na 4.76 (SD = 0.13) ay nagpapakita ng mataas na kabisaaan at pagiging angkop nito bilang gabay sa pagsusulat ng pamahayagang pangkampus. Ang mean score ng antas ng pagtanggap na 3.75 (SD = 0.11) ay katanggap-tanggap, na nangangahulugang maayos itong magagamit.

## KONKLUSYON

Sa pagsusulat ng balita at lathalain ay nagpakita na mas mataas ang antas ng pagkakamali sa pagsusulat ng balita, partikular sa sintaktikal at ortograpikal na aspeto.

Bagaman sapat ang kasanayan ng mga mamamahayag pangkampus sa organisasyon at bokabularyo sa pagsusulat ng balita, kinakailangan pang pagbutihin ang nilalaman, paraan ng pagsulat, at paggamit ng wika upang higit na mapataas ang kalidad ng kanilang sulatin. Ang kakulangan sa teknikal na aspeto ng pagsusulat ay nangangailangan ng higit pang pagsasanay at gabay mula sa mga guro at tagapagsanay sa pamamahayag.

Sa pagsusulat ng lathalain, natuklasang may katamtamang kakayahan ang mga mag-aaral sa nilalaman, pagpili ng angkop na salita at organisasyon ng sulatin, ngunit kapansin-pansin ang kakulangan sa bokabularyo, pagsunod sa wastong estilo, at tamang paggamit ng wika.

Napagalaman na mas mataas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng balita kaysa sa pagsusulat ng lathalain. Subalit, wala itong makabuluhang kaibahan.

Ang *Sistematikong Aralin, Gabay, at Instruksyon sa Pamamahayag (SAGIP)* ay napatunayang epektibo at angkop bilang gabay sa pagsasanay sa pamamahayag. Tinanggap ito bilang isang kapaki-pakinabang na materyal, may ilang aspekto pa rin na maaaring pagbutihin upang higit itong maging epektibo sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mamamahayag pangkampus.

## SANGGUNIAN

[1] Shoemaker, P. J., & Reese, S. D. (2014). *Mediating the Message in the 21st Century: A Media Sociology Perspective*. New York, NY: Routledge.School of Journalism and Media+8Google Books+8Taylor & Francis+8

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 11-20

[2] Swales, J. M. (1990). *Genre Analysis: English in Academic and Research Settings*. Cambridge: Cambridge University Press.Semantic Scholar+7SCIRP+7Composition Forum+7

[3] Hayes, J. R., & Flower, L. S. (1980). *Identifying the Organization of Writing Processes*. In L. W. Gregg & E. R. Steinberg (Eds.), *Cognitive Processes in Writing* (pp. 3-30). Hillsdale, NJ: Lawrence Erlbaum Associates.

[4] Carter, S., & Nguyen, T. (2021). *Exploring the Impact of Digital Media on Journalism Practices*. *Journal of Media Studies*, 33(2), 45-60.

[5] O'Neill, M., Smith, J., & Brown, L. (2021). *The Evolution of News Consumption in the Digital Age*. *Digital Journalism Quarterly*, 8(4), 112-130.

[6] Mahmoudi, A., & Mirsharifi, S. (2022). *Analyzing the Role of Social Media in Political Campaigns*. *Journal of Political Communication*, 15(1), 25-40.

[7] Maharaj, S., & Harrower, T. (2017). *Visual Storytelling in the Modern Newsroom*. *Visual Communication Review*, 10(3), 78-95.

[8] Dela Cruz, M. (2024). *The Future of Print Media in a Digital World*. Manila: Philippine Publishing House.

[9] Loeb, S., Dynarski, S., McFarland, D., Morris, P., Reardon, S., & Reber, S. (2017). *Descriptive Analysis in Education: A Guide for Researchers*. Washington, DC: National Center for Education Evaluation and Regional Assistance.

[10] Ferris, D. R. (2019). *Second Language Writing Research and Written Corrective Feedback in SLA*. *Studies in Second Language Acquisition*, 41(2), 398-401.

[11] (2022). *Pagsusuri ng Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Filipino*. *Journal ng Wika at Kultura*, 14(1), 23-38.

[12] Richards, J. C., & Renandya, W. A. (2020). *Methodology in Language Teaching: An Anthology of Current Practice*. Cambridge: Cambridge University Press.

[13] Ball, J. (2022). Global challenges to indigenous heritage: Examining the effects of globalization *on oral traditions*. *Journal of Cultural Heritage, 23(2), 101-115. https://doi.org/10.1016/j.culher.2022.01.010*

[14] Brown, K., & Wilson, R. (2019). Navigating the media landscape: Challenges for young journalists. *Journalism Education, 15(1), 34-50.*